Koreksyonal / Residensyal na Tirahan
Tirahan para sa mga Bata at Menor na Edad sa Tuen Mun

- Paglalarawan ng Serbisyo

Sa pagpapatupad ng direksyon ng korte, ang Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan (Social Welfare Department o SWD) ay nagbibigay ng serbisyong paggamot sa loob ng tirahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabahong panlipunan sa mga nagkasalang bata, menor sa edad at kabataan na nahihirapang kayanin ang pangaraw-araw na pamumuhay. Upang mapabuti ang kalidad at serbisyo sila ay nagbibigay ng mas mahusay na pinag-samang pagsasanay sa mga menor na edad at kabataang offender, ang SWD ay nagtayo noong 2007 ng anim na Koreksyonal at Residensyal na Tirahan para sa mga Bata at Menor sa Edad sa Tuen Mun (Tuen Mun Children and Juvenile Home o TMCJH), na nagsisilbing isang kanlungan, isang tirahan habang linilitis pa ang kaso, isang inaprubahang institusyon (tirahan ng probasyon) at repormatoryong paaralan.

- Tinutukoy na Grupo

Ang Tirahan para sa mga Bata at Menor na Edad sa Tuen Mun ay isang tirahan na inilaan ng batas. Nagbibigay ito ng pansamantalang pangangalaga at pagsasanay sa loob ng residensyal na tirahan sa mga sumusunod na kategorya ng tao sa ilalim ng mga kaukulang ordinansa:

- Ordinansa ng Imigrasyon (Immigration Ordinance), Kabanata 115
- Ordinansa para sa Proteksyon ng Mga Bata at Menor de Edad (Protection of Children and Juveniles Ordinance), Kabanata 213
- Ordinansa sa Mga Repormatoryong Paaralan (Reformatory Schools Ordinance), Kabanata 225)
- Ordinansa sa Mga Nagkasalang Menor na Edad (Juvenile Offenders Ordinance), Kabanata 226
- Ordinansa sa Probasyon ng Mga Nagkasala (Probation of Offenders Ordinance), Kabanata 298

- Kapasidad

  388

- Nilalaman ng Serbisyo

I) Edukasyon at Bokasyonal na Programa

Ang mga programang akademiko, pagsasanay sa mga pangkaraniwan at bokasyonal na kaalaman at kakayahan ay ibinibigay sa mga residente para matugunan ang kanilang

pangangailangang pang-edukasyon sa panahon ng kanilang paninirahan at upang matulungan sila na ituloy ang karagdagang pag-aaral at/o pagbutihin ang kanilang oportunidad na makahanap ng trabaho dahil sa kanilang kwalipikasyon pagkalaya nila sa Tirahan.

II) Indibidwal na paggabay at pangkalahatang trabaho

Ang mga social worker sa Tirahan ay makikipagpanayam sa mga residente sa kanilang pagpasok at magbibigay ng mga kasong panlipunan na maaaring pag-aralan upang maunawaan ang kanilang mga problema, tulungan silang lumagay sa tahimik at tapusin ang kanilang pagsasanay na ibinibigay ng Tirahan. Sila ay makikipagtulungan sa mga magulang/guardian ng mga residente at mga kawani ng kaso/opisyal ng probasyon na nagbibigay ng superbisyon para magawa ang planong kapakanan/rehabilitasyon. Para sa mga residente ng Lugar ng Kanlungan at Tirahan para sa mga Linilitis pa ang Kaso (Place of Refuge and Remand Home), ang mga social worker ay maghahanda rin nga mga ulat na ihaha-in sa mga korte para matulungan ang mga mahistrado na maintindihan ang mga pag-uugali ng mga residente sa panahon na linilitis pa ang kanilang mga kaso at makapag-desisyon sa nararapat na plano para sa kanilang kinabukasan.

Ang Tirahan ay regular na nag-oorganisa ng mga grupong may parehong interest, mga grupong panterapeutika at grupong developmental upang matulungan ang mga residente na magkaroon ng mga magagandang libangan at pagbutihin ang kanilang pag-unawa sa kanilang responsibilidad at abilidad na makisalamuha o makihalubilo sa mga tao. Nagkakaroon rin ng mga grupo para sa mga magulang upang mapagbuti ang relasyon ng magulang at anak sa pagitan ng mga residente at ng kanilang mga magulang.

III) Serbisyo sa Komunidad

Ang mga proyektong nagbibigay ng serbisyo sa komunidad ay isinagawa para matulungan ang mga residente na magkaroon ng kamalayan hinggil sa kanilang responsibilidad at mahikayat ang komunidad na magkaroon ng mas mabuting pag-unawa sa kanila.

IV) Panlibangan Aktibidad

Mga libangan na gawain tulad ng pagbibigay halaga sa musika, pagbabasa, mga larong bola, mga pangkalahatang laro ay isinasagawa para sa mga residente upang magkaroon sila ng kapaki-pakinabang na mga libangan.

V) Bisita ng Tagapag-alaga / Pagliban sa lugar

Ang mga magulang o tagapag-alaga ay malugod na tinatanggap at hinihikayat na bisitahin ang kanilang mga anak sa Tirahan. Para sa mga residente ng Tirahan ng Probasyon at

Repormatoryong Paaralan (Probation Home and Reformatory School), ang pagliban sa lugar ay ibinibigay para sila ay makadalo sa pagtitipon ng kanilang pamilya.

VI) Medikal na Alaga

Ang Tirahan ay nagbibigay ng serbisyong kalinga Ang sa mga residente. Bumibisitang opisyal ng medisina at ang mga nurse sa Tirahan ang nangangalaga sa kalusugan ng mga residente. Ang mga usapin tungkol sa kalusugan, pagtuturo at paggabay sa mga personal na kalinisan ay ibibigay. Para sa mga residente na nangangailangan na mag-konsulta sa mga espesyalista para sa mga medikal na payo at paggamot at sa mga residente na nangangailangan ng sikolohikal na pagtatasa at paggamot, sila ay isasangguni sa mga klinikal na psychologist ng Departamento.

- Bayad

Libre ang lahat ng mga ibinibigay na serbisyo.

- Address at Numero kung saan maaaring tumawag

Address: 3 San Shek Wan North Road, Tuen Mun
Tel. No.: 2460 7102
Fax No.: 2460 7812